IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# TINIG SA KAWALAN: PERSEPSYON NG MGA GURO NA NAGTUTURO SA INKLUSIBONG EDUKASYON

Carla Mae V. Alsado [1]
Estrella B. Salazar [2]

*Graduate School, Holy Cross of Davao College, Davao City, Philippines*

[1]ORCID: 0009-0006-9725-0429
[2]ORCID: 0009-0002-4657-6753

https://doi.org/10.5281/zenodo.20451398

## ABSTRACT

Isang malaking hamon ang mababang motibasyon ng mga gurong hindi SPED sa inklusibong edukasyon. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang persepyon, hamon, at saloobin ng mga guro upang maunawaan ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang motibasyon at kung paano ito mapahuhusay. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong deskriptibong disenyo at *purposive sampling* upang pumili ng walong (8) kalahok na sumailalim sa *in-depth interview*. Isinagawa ang tematikong pagsusuri. Lumitaw ang mga tema: pag-aangkop, inobasyon, at kolaborasyon; ang motibasyon ay nakaugat sa responsibilidad at determinasyon, kaya kailangan ang mas matibay na suportang propesyonal upang mapataas ang motibasyon ng mga guro. Iminumungkahi sa hinaharap ang kwantitatibong *predictive design (multiple regression)* para sa ugnayan ng mga baryabol, Exploratory Factor Analysis para sa balid na instrumento, at mixed-methods na lapit para sa mas komprehensibong datos ng pag-aaral.

**Mga Susing salita:** *Tinig sa kawalan, persepsyon ng mga guro, inklusibong edukasyon*

## INTRODUKSYON

Sa bahaging ito inilalahad ang suliranin at kaligiran, kahalagahan ng pananaliksik, layunin ng pananaliksik, teoretikal na pananaw, at mga palagay.

Isang malaking hamon ang mababang motibasyon ng mga guro na hindi SPED medyor ang pagtuturo sa inklusibong edukasyon. Isa sa mga pangunahing aspeto na dapat bigyang-pansin sa kasalukuyang estado sa sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas ay ang pagtuturo ng walang kasanayan ng mga guro sa "*inclusive education*". Ayon kay Stubbs (2008), ang inklusibong edukasyon, sa pinakasimpleng anyo nito, ay isang pahayag ng pangunahing karapatan ng lahat na makapasok sa edukasyon nang walang anumang uri ng diskriminasyon. Ang bawat isa ay may karapatang makapag-aral, maging ikaw man ay mula sa mahirap na kalagayan, kabilang sa *Indigenous People* (IP), may kapansanan, at iba pang sitwasyong itinuturing na espesyal. Sa pag-aaral na ito, mas malalim na tinutukan ang mga mag-aaral na may special *needs*, na nagiging malaking hamon para sa mga guro na magtuturo sa kanila nang walang sapat na pagsasanay.

Sa nakaraang dekada, ang inklusibong edukasyon sa larangan ng espesyal na edukasyon ay naipatupad na sa iba't ibang panig ng mundo. Bilang tugon, ayon sa pag-aaral nina Yusuf at Yeager (2011), ang gobyerno ng Indonesia ay naglunsad ng isang patakaran upang isakatuparan ang inklusibong edukasyon sa kanilang bansa. Noong 1994, sa bansang Espanya, partikular sa Salamanca, ang mga paaralang nag-aalok ng inklusibong edukasyon ay nagbibigay ng mabisang edukasyon para sa nakararaming mga kabataan (Meijer at Watkins, 2019). Ayon kay Schwab (2020), isa sa mga pinakamalaking reporma sa mga sistema ng paaralan sa mga bansang Europeo ay ang "*inclusive schooling*". Sa buong Europa, tumataas ang bilang ng mga mag-aaral na napapabilang sa (Special Needs Education) sa mga regular na silid-aralan.

Sa konteksto ng Pilipinas, hanggang sa kasalukuyan, ang pagsasanay sa "*inclusive education*" sa batayang edukasyon ay higit na nakabatay sa *Department of Education Order No. 72, s. 2009*, isang lipas na patakaran na hindi pa naglalatag ng isang matatag, malinaw, at tiyak na proseso sa pangkalahatang *setting* ng edukasyon. Ayon kay Muega (2016), isang hakbang upang makamit ang mataas na kalidad ng edukasyon, dapat ito ay nakaangkla sa Batas Espesyal (Philippine Senate Bill 3002) na isang panukalang nagtataguyod ng inklusibong edukasyon sa pamamagitan ng *special education* sa lahat ng pribado at pampublikong elementarya at sekondaryang paaralan sa buong bansa para sa mga bata at kabataan na may *special needs*.

Sa pag-aaral ni Reyes (2021), ipinakita ng mga eksperto na ang "*inclusive education*" ay nagiging mas epektibo sa mga lugar na may maayos na sistemang sumusuporta sa mga mag-aaral na may *special needs*. Binanggit sa pagsusuri ang mga propayl ng mga mag-aaral na may *autism*, *learning disabilities* at *intellectual disabilities*, at kung paano ang mga mag-aaral na ito ay mas nagtatagumpay sa pagkatuto kapag mayroong mga angkop na modipikasyon at suportang panturo at matibay na motibasyon ang mga guro.

Bilang paglalahat, napakahalagang pag-aralan ang mga persepsyon, hamong nararanasan at saloobin ng mga sekundaryang pampublikong guro, lalo na ang mga gurong non-SPED na may mababang motibasyon na nagtuturo sa mga batang may *special needs*. Maraming mga gurong napapasabak sa gawain o posisyong hindi naman

nila nakasanayan at lalong hindi napag-aralan man lang kaya higit ang pangangailangan na isagawa ang pag-aaral na ito dahil marami sa ating mga guro ang nasa katulad na sitwasyon na dapat mapakinggan at bigyang-pansin. Tinitiyak ng pananaliksik na ito na mapag-aralan at mabigyang kasagutan ang mga sumusunod: (1) Mga persepsyon, suliranin at hamon na naranasan ng mga guro, (2) Paano nila hinarap ang mga ito at (3) Ano ang kanilang ginawa upang mapatibay ang kanilang motibasyon sa pagtuturo at manatiling may kalidad pa rin ito gayong wala silang sapat na karanasan at kasanayan na magturo sa "*special education*".

## Kahalagahan ng Pananaliksik

Ang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay nakapokus sa mga mahahalagang karanasan, persepyon at hindi makakalimutang pangyayari ng mga guro na nagtuturo ng mga mag-aaral na may *special needs* nang walang sapat na pagsasanay. Makikinabang sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod: Para sa administrasyon, magsisilbi itong gabay sa pagbuo ng mga polisiya at programang sumusuporta sa professional development, kolaborasyon, at sapat na pagsasanay para sa mga guro; Para sa mga guro na siyang mga kalahok sa pag-aaral na ito, maaari itong maging batayan sa pagpapaunlad ng kanilang sariling estratehiya sa pagtuturo, inobasyon, at pakikipag-uganayan sa mag-aaral at maging sa mga magulang din; Para sa mga mag-aaral, lalo na sa mga SNED learners, makakatulong ito sa mas epektibo at inklusibong karanasan sa pagkatuto; at higit sa lahat para naman sa mga mananaliksik sa hinaharap, magsisilbi itong pundasyon para sa mas malalim na pag-aaral tungkol sa mga salik na nakaaapekto sa tagumpay ng inklusibong edukasyon.


## Layunin ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na suriin ang mga persepsyon, hamon, at saloobin ng mga guro na nakatalaga upang magturo ng mga mag-aaral na may *special needs* nang walang sapat na pagsasanay. Karagdagang nilalayon nito ang makabuo ng komprehensibong pag-unawa at mga praktikal na rekomendasyon para sa mga iba pang mga mananaliksik sa hinaharap at higit lalo na sa mga gurong walang kasanayan sa pagtuturo ng mga batang may *special needs*. Kaugnay sa pag-aaral na ito, layunin din nitong sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan:

1. Ano-ano ang pananaw ng mga gurong hindi SPED medyor tungkol sa kanilang pagkamalaya (*autonomy*) sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may *special needs*?
2. Ano-ano ang pananaw ng mga gurong hindi SPED medyor tungkol sa kanilang kakayahan (*competence*) sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may *special needs*?
3. Ano-ano ang pananaw ng mga gurong hindi SPED medyor tungkol sa kanilang kaugnayan (relatedness) sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may *special needs*?
4. Ano-ano ang pananaw ng mga gurong hindi SPED medyor tungkol sa kanilang motibasyon sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may special needs?

## Teoretikal na Pananaw

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Self-Determination Theory (SDT), isang teorya ng motibasyon na binuo nina Dr. Edward Deci at Dr. Richard Ryan (2000), na nagbibigay-diin na likas sa tao ang pagnanais na matuto, lumago, at kumilos ayon sa sariling kagustuhan. Ang pagiging *self-determined* ay nakasalalay sa tatlong pangunahing pangangailangang sikolohikal: ang awtonomiya (ang pangangailangang maramdaman na ang isang gawain ay ginagawa ayon sa sariling desisyon, hindi dahil sa pamimilit o panlabas na gantimpala), ang kakayahan (ang pangangailangang maramdaman na may kakayahan at kasanayan sa ginagawa), at ang kaugnayan (ang pangangailangang makadama ng koneksyon, pagtanggap, at pagiging kabilang sa isang grupo o pamayanan). Kapag natugunan ang tatlong pangangailangang ito, nagiging *intrinsically motivated* ang isang tao—kumikilos siya dahil sa tunay na interes o halaga ng aktibidad mismo, hindi lamang dahil sa gantimpala o takot sa parusa.




***Talaguhitan 1: Self-Determination Theory ni Deci at Ryan 2000***

## METODO

Tinalakay sa bahaging ito ang disenyo ng pananaliksik, pook ng pananaliksik, kalahok at teknik sa pagpili ng kalahok, teknik sa paglikom ng datos, teknik sa pagsusuri ng datos, at pagiging mapagkakatiwalaan ng pananaliksik.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong deskriptibong pananaliksik. Ito ay naglalarawan ng isang penomenon sa malinaw at payak na paraan batay sa sariling mga

salita ng mga kalahok, na may kaunting interpretasyon lamang (Doyle et al., 2020). Bilang pag-uugnay, binigyang-diin sa pag-aaral ni Sandelowski (2000) na ang pangunahing layunin ng kwalitatibong deskriptibong disenyo ay mailarawan nang direkta, malinaw, at komprehensibo ang isang partikular na penomenon, karanasan o pangyayari gamit ang payak na wika ng mga kalahok.

## Pook ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa isa sa mga pampublikong paaralan sa Lungsod ng Dabaw na sakop ng Kagawaran ng Edukasyon na matatagpuan sa Distrito ng Buhangin – Klaster 15, Lungsod ng Dabaw. Ito ay isang malaking sekundaryang paaralan na nagsisimula pa lamang na magkaroon ng programang *special education* sa kanilang paaralan, wala pa ni isang guro na may medyor ng SPED sa nasabing paaralan. Matuturing na isa sa mga ikinokonsidera ang paaralang ito ng mga magulang o mga residente na nakatira sa malapit na dito pagpaaralin ang kanilang mga anak na mula rin sa isang kilalang SPED sentral na elementaryang paaralan sa naturang distrito sapagkat ito ang paaralan na mas malapit kumpara sa ibang mga sekundaryang paaralan sa Klaster 15.

## Kalahok at Teknik sa Pagpili ng Kalahok

Ang walong (8) kalahok na guro na kasalukuyang nagtuturo sa panuruang-taon 2025-2026, sa pag-aaral na ito ay mabusising pinili ang mga kalahok na naaayon sa sumusunod na inklusibong kriterya: (a) mga gurong nakapagtapos ng *Bachelor of Secondary Education* na nasa wastong gulang na hindi *Special Education Major*, ibig sabihin iba-iba ang medyor na kanilang tinapos maliban sa nabanggit na medyor; (b) mga guro na nagtuturo sa isang pampublikong paaralan ng klaster 15 na walang karanasan sa pagtuturo ng SNED (*Special Needs Education*) na mga mag-aaral ngunit binigyan ng pagkakataong humawak ng isang klase na may mga batang napapabilang sa SNED (*Special Needs Education*); at (c) boluntaryong makikilahok sa pag-aaral ng walang pagdadalawang-isip na sumagot sa mga katanungang inihanda ng mananaliksik.

Sa pag-aaral na ito, masusing pinili ang walong (8) kalahok sa pamamagitan ng *purposive sampling design*. Ang ganitong uri ng sampling ay kilala rin bilang judgmental sampling o selective sampling, ito ay isang *non-probability sampling technique* kung saan ang mananaliksik ay aktibong pipili ng mga kalahok o yunit ng pag-aaral batay sa kanilang partikular na mga katangian, karanasan, o kaalaman (Bernard 2002).

## Teknik sa Paglikom ng Datos

Ang malalimang pakikipanayam o *in-depth interview* ang ginamit bilang instrumento sa pag-aaral na ito. Ayon sa *SAGE Encyclopedia of Qualitative Research Methods* (2008), ang *in-depth interview* ay isang diskarte sa pananaliksik na nagsasangkot ng masinsinang pakikipanayam sa mga indibidwal upang makakuha ng komprehensibo at makabuluhang impormasyon tungkol sa kanilang mga karanasan, pananaw, saloobin, at damdamin. Ginamit ang malalimang pakikipanayam o *in-depth interview* upang harapan kong maka-usap ang bawat kalahok, masaliksik nang

malaliman ang kanyang mga pananaw, karanasan, saloobin, damdamin, at motibasyon tungkol sa isang partikular na paksa o isyu. Bago ang pangangalap ng datos, ipinawasto muna sa mga eksperto ang aking ginawang talatanungan upang masiguro ang balidasyon nito, at isinama ang kanilang mga komento upang maging maayos at organisado ang panayam. Bilang proseso ng pangangalap ng datos, una ay ang paghingi ng pahintulot sa Tagapamahalang Pansangay ng Lungsod ng Davao, at pagkatapos ay sa punongguro ng paaralan. Tiniyak ko sa tagapamahala ng paaralan na hindi maaabala ang mga klase sa isasagawang panayam. Ang huli, ay ang pagbigay ng liham pahintulot sa mga piling kalahok at ang pag-alam kung boluntaryo silang sasali sa pag-aaral.

## Teknik sa Pagsusuri ng Datos

Isinagawa ang *thematic analysis* bilang pamamaraan ng pagsusuri ng datos upang matugunan ang mga layunin ng pag-aaral. Ayon kina Braun at Clarke (2006), ang *Thematic Analysis* ay isang paraan para makilala, mag-analisa, at mag-ulat ng mga pattern (mga tema) sa loob ng isang *set* ng datos. Ito ay isang *flexible* na pamamaraan na maaaring gamitin sa iba't ibang uri ng kwalitatibong pananaliksik. Ito ay binubuo ng 6 na antas ng *Thematic Analysis* kung saan ang bawat antas ay masigasig na sinunod: (1) Masusing pag-unawa sa datos. Kinilala at naging pamilyar sa lahat ng nakalap na datos. Ito ay nangangahulugan ng paulit-ulit na pagbabasa ng mga transkripsyon, pagdinig sa mga *audio recording*, at pagmumuni-muni sa kabuuang konteksto at lalim ng impormasyon aking nakalap. (2) Pagbuo ng katumbas na mga koda, (3) Pagtukoy sa mga paunang tema (4) Pagsuri at pagberipika ng mga tema. Sinuri ang bawat tema, Ito ay isang proseso ng pagpipino at pagsala sa mga temang nabuo. (5) Pagpapakahulugan at pagbuo ng tema. Sa yugtong ito, ang bawat tema ay binibigyan ng panghuling anyo at depinisyon. Dapat ito ay malinaw at maliwanag na nailalarawan kung ano ang ibig sabihin ng bawat tema at kung paano ito naiiba sa iba pang mga tema. At ang panghuli (6), Pagbuo ng ulat. Ito ang huling yugto kung saan dito isinusulat ang aktwal na papel-pananaliksik o ulat.

## Pagiging Mapagkakatiwalaan ng Pananaliksik

Ang pananaliksik ay isang mahalagang haligi ng kaalaman at pag-unlad na dapat nakabatay sa bisa at reliability upang matiyak ang katumpakan, pagkakapare-pareho, at katatagan ng mga resulta (Trochim, 2006). Ayon naman kay Salkind (2017), mahalaga ang malinaw at detalyadong metodolohiya upang maging posible ang replikasyon ng pag-aaral. Sa pag-aaral na ito, sinunod ang apat na kriterya ng kalidad ng kwalitatibong pananaliksik: *kredibilidad, kakayahang ilipat, maaasahan, at makukumpirma.* Ang kredibilidad ay tiniyak sa pamamagitan ng masusing panayam at obhetibong interpretasyon ng datos (Lincoln & Guba, 1985), habang ang kakayahang ilipat ay pinalakas sa pagbibigay ng sapat na detalye mula sa mga kalahok. Ang pagiging maaasahan ay tiniyak sa maayos na dokumentasyon ng lahat ng proseso (Polit et al., 2014), at ang makukumpirma ay isinagawa sa pamamagitan ng pagpapanatili ng obhetibidad upang maiwasan ang bias at mapanatili ang integridad ng resulta.

## RESULTA

Sa bahaging ito inilahad ang mga naging resulta mula sa pangangalap at pagsusuri ng mga datos na nakuha mula sa mga kalahok.

***Pagkamalaya ng mga guro na hindi SPED medyor sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may special needs***

Nang kapanayamin ng mga mananaliksik ang mga gurong non-SPED medyor sa kanilang pananaw tungkol sa kanilang pagkamalaya sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may special needs ay nagkaroon sila ng iba't ibang pananaw ngunit sa kabila ng walang kasanayan at karanasan kusa silang gumawa ng paraan upang magampanan kung ano ang dapat nilang gawin sa pag-atas sa kanila ng isang gawaing hindi naman nila nakasanayan.

Ayon sa mga kalahok, kahit wala silang ideya kung ano ang kanilang gagawin ay gumawa at nag-isip sila ng paraan upang magampanan lang ang iniatas sa kanila:

> *Yun nga, I accepted the challenge at nag-search ako at nag-ask ako sa aking husband kasi sa SNED school naman siya nag-teach kaya may ideya siya. -**IDI, G1, L16, P1***

> *Nag-research talaga ako, pinag-aralan ang mga dapat gawin at mga gawaing akma para sa ganitong mga estudyante. -**IDI, G2, L16, P2***

> *Sa una ay wala akong idea kung ano ang gagawin dahil wala akong experience sa ganitong klase at hindi ko major ito pero nagsaliksik ako at nag-aral upang makapagturo pa rin nang maayos. -**IDI, G6, L12, P6***

Nang marinig ng mga mananaliksik ang mga kasagutan ng mga kalahok nabatid nila agad na ang mga guro ay nagsusumikap na gumawa ng paraan upang magampanan nang maayos ang kanilang tungkulin kahit hindi nila nakasanayang gawin ang iniatas sa kanila.

Ayon naman sa iba pang kalahok:

> *Pinag-aralan ko. Nag-research at nag-innovate ng mga strategies. Higit sa lahat hinabaan ko ang aking pasensya upang maintindihan ko sila at mamaintain ko ang kaayusan ng aking klase.*

> *Sa una ay wala akong idea kung ano ang gagawin dahil wala akong experience sa ganitong klase at hindi ko major ito pero nagsaliksik ako at nag-aral upang makapagturo pa rin nang maayos. -**IDI, G5, L16, P5***

> *Natakot akong mabigo sa pagtuturo dahil wala akong sapat na kakayahan ngunit nagsaliksik at humingi ako ng tulong sa mga kasamahan kong guro. -**IDI, G8, L14, P8***

Sa magkakasunod na pahayag ng mga guro batid ng mga mananaliksik mula sa kanilang pahayag na maituturing na isang napakalaking hamon at mabigat na tungkulin ito para sa kanila ngunit nananatili pa rin ang pagkukusa sa kanila upang magampanan ang kanilang tungkulin.

Sa pagpapatuloy ng pakikipanayam sa kanila, napansin mula sa kanilang mga sagot na sila ay nagkukusang makiayon sa sitwasyon o sa panibagong gawaing iniatas para sa kanila. Ayon sa tugon ng isang kalahok:

> *Noong nalaman ko na may i-handle akong SNED sa klase ko, na-shock ako kasi 1st time ko. Pero wala tayong choice, teacher tayo kaya tanggapin at gawan ng paraan.* -***IDI, G1, L12, P1***

> *Sa una, na-frustrate ako na hindi ko maintidihan at ganun din sila sa akin, nagtatanong kung bakit o papaano ko ipapaintindi sa kanila ang lessons pero habang tumatagal natututunan ko ng makiayon.* -***IDI, G2, L14, P2***

Mula sa mga sagot ng mga kalahok napagtantong likas sa mga guro ang umayon sa sitwasyon.

Tugon naman ng isa pang guro:

> *I was challenged, pero I took it as additional experience na maka-help sa akoa in the future.* -***IDI, G3, L14, P3***

Malinaw mula sa pahayag ng mga guro, na sila ay kusang nakiayon sa sitwasyon na iniatas sa kanila. Sila ay mga guro na may sinumpaang propesyon kaya kahit na hindi sila sanay sa mga gawaing hindi pamilyar gawin sa kanila, may pagkukusa pa rin ang mga guro sa abot ng kanilang makakaya.

Batay sa naging sagot ng mga kalahok, malinaw na ang mga guro ay makikitaan ng pagkukusa, base naman sa napakinggang mga sagot nila, lumitaw na ang mga pananaw ng mga gurong hindi SPED medyor tungkol sa kanilang pagkamalaya ay hindi nakasalalay sa pormal na pagsasanay kung hindi sa kusa at paninindigan sa tungkulin. Tulad ng isang punong nakatanim sa mabatong lupa—walang sapat na sustansya ngunit matatag na humihigop ng ulan at araw—ang kanilang pagkamalaya ay sumisibol mula sa kusa at paninindigan sa tungkulin. Sa kabila ng kakulangan nila sa espesyal na kaalaman at kasanayan, malaya silang kumilos upang tumugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na may special needs. Para sa kanila, ang pagkamalaya ay hindi pagiging handa kung hindi ang kakayahang humanap ng paraan at harapin ang hamon dahil ito ang kanilang sinumpaang tungkulin.

***Kakayahan ng mga guro na hindi SPED medyor sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may special needs***

Mula sa tugon ng ng mga kalahok, makikita ang kanilang inisyatibong ginawa. Humanap sila ng iba't ibang gawain na maaari nilang ipagawa sa mga mag-aaral na aangkop sa pangangailangan ng bawat bata. Narito ang kanilang naging pahayag:

> *Naghahanda at nag-iisip ako ng mga activities na pwdeng magawa ng mga regular students at SNED students. -**IDI, G1, L22, P1***

> *Nanonood ako ng mga videos as part ng aking pag-research sa ganitong uri ng klase. -**IDI, G2, L22, P2***

> *Nag-research ng different activities para sa mga students ko na pwede sa regular at learners with special needs. -**IDI, G5, L22, P5***

Sa parehong estratehiya, ginawa rin ito ng iba pang mga guro para makuha ang atensyon ng mga mag-aaral at maging akma ang mga gawaing pangklase nila:

> *Nung nalaman ko na mas naiintindihan nila ang lesson if magamit ng anime o cartoons, ito ang aking ginamit na tool sa pagtuturo. -**IDI, G3, L24, P3***

> *Gumagamit ako ng differentiated instructions para sa aking klase. Ang D.I. ang ginagamit ko tulad ng pagguhit, pagpipiliang larawan at iba pa para makuha ang kanilang atensyon. -**IDI, G8, L26, P8***

Habang pinapakinggan ng mga mananaliksik ang kanilang nagkakaisang sagot bilang estratehiyang ginamit tulad ng *Differentiated Instructions* sa kanilang klase upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan sa isang inklusibong silid-aralan**,** masasabi kong epektibo ito lalo na sa isang klase sapagkat natutugunan nito ang bawat pangangailangan ng mga mag-aaral na may special needs.

Sa pagpapatuloy, natuklasan na ang mga guro ay may mga paghahandang ginawa tulad ng *activity sheets* o *bring home activities* upang mapalawig pa ang pagkatuto ng mga mag-aaral na may special needs mula sa silid-aralan patungo sa kanilang mga tahanan.

Makikita sa tugon ng mga guro na gumagawa sila ng mga *worksheets* o mga *bring home activities* para may masagutan ang mga mag-aaral at mapalawig pa ang kanilang pagkatuto. Tugon nila:

> *May ibang SNED students na hindi handa sa pagsagot sa loob ng klase kasi minsan distracted, kaya may worksheets ako o bring home activities para sa kanila. Sasagutan nila sa panahong handa sila o may gana na silang sumagot o gumawa. -**IDI, G1, L24, P1***

*Ang sa tingin kong effective ay ang pinapagawa kong activity sheets na pinapagawa ko sa aking SNED students dahil hindi naman sila insteresado sa mga gawain ng regular students. -**IDI, G2, L24, P2***

Bilang isang guro, malalaman natin na ang mga gurong sumagot ay mapamaraan. Ginagawa nila ang lahat matugunan lamang ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa magkaparehong salaysay, sinuportahan din ito ng iba pang mga guro. Ito naman ay iniayon niya sa kakayahan ng bawat mag-aaral. Saad niya:

*May mga worksheets akong inihanda para pwdeng dalhin sa bahay na pwdeng tumulong ang mga maguang sa tuwing walang gana o di kaya may tantrums sila at di pwde gawin sa school. -**IDI, G4, L24, P4***

*Gumagawa ako ng activity sheets para lamang sa mga learners with special needs na ayon pa rin sa competency ngunit naaayon sa kakayahan nila. -**IDI, G5, L24, P5***

Makikita sa karagdagang mga sagot ng mga guro na sa kabila ng mga balakid na kinakaharap ng mga guro ng mga batang may *special needs* gumagawa pa rin sila ng mga paraan o estratehiya na makakatulong sa kanilang mga mag-aaral, ito ay nagpapatunay na ang bawat guro may kasanayan man o walang sapat na pagsasanay ay may dedikasyon sa pagtuturo at gagawin ang lahat para sa paglinang at pagbigay ng dekalidad na edukasyon sa mga kabataan.

Sa kabuuang sagot ng mga kalahok, napagtanto na ang mga guro ay may sariling inisyatibo na gumawa ng mga gawain na makakabuti sa kanilang mga mag-aaral, naman sa napakinggan kong mga sagot nila lumitaw na ang mga pananaw ng mga gurong hindi SPED medyor tungkol sa kanilang kakayahan ay hindi nasusukat ng pormal na pagsasanay kung hindi ng inisyatibo, pagkamalikhain, at dedikasyon. Sa kabila ng kakulangan ng espesyal na kaalaman sa SPED, naniniwala silang nagiging kakayahan nila ang patuloy na pag-aaral, pananaliksik, at paggamit ng *differentiated instruction* upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral na may *special needs*. Para sa kanila, ang tunay na kakayahan ay hindi lamang ang natapos na kurso kung hindi ang kakayahang umangkop, maghanda ng angkop na kagamitan, at magkusa—sa madaling sabi hindi ito nakaukit sa diploma lamang bagkus nakatanim ito sa kusang-loob na pagkilos.

### *Ugnayan ng mga guro na hindi SPED medyor sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may special needs*

Ang pagkaroon ng bukas at regular na komunikasyon at mabuting pakikipag-ugnayan sa mga magulang, guro at mga mag-aaral ay epektibo sapagkat masusubaybayan ng mga magulang ang pag-unlad ng kanilang mga anak, mas magkaroon rin ng malalim na pag-unawa sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

> *May bukas na ugnayan naman kaming mga guro ng mga batang may special needs. Nag-sharing kami ng mga ideas na pwde gamitin sa klase. -**IDI, G1, L32, P1***

> *Nagtanong ako sa adviser o sa magulang ng bata sa background o diagnosis kung meron man. Para alam ko kung ano ang aking approach sa klase. -**IDI, G5, L32, P5***

Sa payak na mga tugon ng mga kalahok mababatid na ginagawa ng mga guro ang lahat na maaari nilang gawin para sa ikabubuti ng mga mag-aaral.

*Dagdag pa rito:*

> *Nagtatanong ako sa mga magulang kung sakaling may problema ako sa kanilang mga anak para alam ko ang aking approach sa mga SNED students. -**IDI, G2, L33, P2***

Pinatunayan lamang mula sa sagot ng mga guro na sa pakikipag-ugnayan ng mga magulang, guro, at mga mag-aaral ay nakakatulong nang malaki sa pag-unawa sa *background* ng bata. Higit sa lahat ang *regular* na pagbibigay ng update sa mga magulang ng mga may *special needs* ay isang mahalagang tulay para mapagbigay-alam sa kanila ang mga pangyayari at progreso ng kanilang mga anak sa paaralan na maaari nilang ipagpatuloy at mas lalong palinangin sa kanilang tahanan.

Karagdagan dito ay ang pagsuporta ng mga magulang, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bukas at regular ng komunikasyon madarama ang malakas at mabuting ugnayan at suporta mula sa mga magulang. Narito ang mga kasagutan mula sa aking mga kalahok:

> *Supportive ang mga parents. Mabuti ang komunikasyon ng mga guro at mababait ang mga students. -**IDI, G4, L32, P4***

> *May bukas na komunikasyon kami ng mga magulang, ganundin sa adviser at sa kapwa ko guro. -**IDI, G6, L32, P6***

Nadarama ng mga mananaliksik ang matibay na ugnayan ng mga magulang, guro at mga mag-aaral mula sa sagot ng mga guro.

Sa magkakasunod na pahayag na ito, dama ang suporta ng bawat isa. Ika nga ang pagkakaroon ng suporta ng bawat isa ay magbibigay tagumpay upang makamit ang kahit na anumang layunin sa gawaing ipapagawa.

Sa pagpapatuloy ng panayam, natuklasan na sa pamamagitan ng kolaborasyon at bukas na palitan ng persepsyon at pagbabahaginan, ang mga guro ay nagkakaroon ng pagkakataong matuto mula sa mga ibinahagi na mga karanasan ng kanilang kapwa guro.

Malinaw mula sa tugon ng mga guro na hindi lamang mula sa mga magulang ang pagbibigay ng impormasyon ng mag-aaral, epektibo ring magkaroon ng pagbabahaginan ang mga guro upang mas mapabuti ang kanilang klase.

> *Ang mga magulang ay nabibigyan din ng impormasyon tungkol sa gawain ng mga bata at kaming mga guro ay nag-sharing of ideas para mas mapabuti ang klase namin. -**IDI, G1, L36, P1***

> *Mahalaga may mabuting koordinasyon sa parents at komunikasyon sa kapwa guro. -**IDI, G3, L36, P3***

> *Magiging maganda ang daloy ng pagtuturo kung may good relationship ang parents, teachers at students. -**IDI, G4, L36, P4***

Batay sa mga pahayag, malinaw na mahalaga ang magkaroon ng mabuting ugnayan sa mga guro, mga magulang at maging sa kapwa mag-aaral.

Ang mga pahayag na ito ay sinuportahan naman ng iba pang mga guro. Ayon sa kanila:

> *Supportive at close kami ng adviser at nag sharing ideas kami ng mga subject teachers. Ang mga magulang ay mababait. **-IDI, G3, L32, P3***

> *Malaking bagay na may maganda at bukas na relasyon ang magulang at guro para mas matulungan ang mga estudyante. **-IDI, G5, L36, P5***

Mula sa mga pahayag ng kalahok napatunayang ang kolaborasyon ng mga guro sa pagtuturo ay mahalaga upang mas maging epektibo ang kanilang gagawin na mga estratehiya sa pagtuturo na aangkop sa mga batang may *special needs*.

Sa kabuuang pahayag ng mga kalahok, makikitaan ang mga guro ng mabuting ugnayan, base naman sa napakinggang mga sagot nila lumitaw na ang mga pananaw ng mga gurong hindi SPED medyor tungkol sa kanilang ugnayan ay maaaring makabatay sa bukas at regular na komunikasyon ng mga magulang at kapwa guro, hindi ito basta pagkikita o pagbati, kundi isang bukal na dumadaloy sa pagitan ng mga magulang at kapwa guro. Ito ay nakakatulong upang maunawaan ang background at *diagnosis* ng bata nagiging daan din ito upang magabayan ang angkop na pamamaraan sa klase ng mga batang may *special needs*. Sa pamamagitan ng ugnayang ito, napapalakas ang suporta mula sa pamilya at natututo ang mga guro sa isa't isa sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ideya at karanasan. Para sa kanila, ang ugnayan ay hindi simpleng pakikisalamuha—ito ay isang estratehiya at kolektibong responsibilidad na lumilikha ng inklusibo at epektibong kapaligiran para sa lahat ng *stakeholder:* magulang, guro, at adviser.

***Motibasyon ng mga guro na hindi SPED medyor sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may special needs***

Batay sa naging resulta ng naging panayam, mababanaag na ang mga guro na walang sapat na karanasan o pagsasanay sa pagtuturo ng mga mag-aaral na may *special needs* ay nagkakaroon ng pag-aalinlangan at hindi gaanong katibay na motibasyon pagdating sa pagtuturo sa simula sapagkat hindi nila alam kung ano ang kanilang gagawin sa mga mag-aaral na may special needs sa kanilang klase.

Mula sa tugon ng mga kalahok malinaw na sa lahat ng mga pag-aalinlangan, takot at pagkabalisang naramdaman nila ay ipinakita pa rin ng mga guro ang kanilang dedikasyon at kakayahang makiayon sa pamamagitan ng pagtanggap sa iniatas sa kanila na gawain upang magampanan ang kanilang sinumpaang tungkulin bilang isa guro at sa kalauna'y magkaroon ng propesyonal na paglago.

> *Medyo challenging siya at first at kailangan talaga ng self-control para mapagpatuloy ang klase.* ***-IDI, G4, L14, P4***

> *Nagkaroon talaga ako ng self-doubt at first kasi wala naman akong experience o training sa ganitong klase pero bilang isang guro tungkulin kong gawin ang aking trabaho ang magturo kaya tinanggap ko ang hamon.* ***-IDI, G5, L14, P5***

Ramdan na ang mga pahayag ng mga kalahok ay tunay sapagkat ito ay sarili nilang naging karanasan.

Bilang karagdagang kasagutan:

> *Naramdaman ko ang pagkabalisa at pagkabigla noong una. Takot akong mabigo sa pagtuturo dahil wala akong sapat na kakayahan pero ginawa ko pa rin ang aking tungkulin bilang isang guro.* ***-IDI, G8, L14, P8***

Ayon sa tugon ng mga kalahok, dama ang pag-aalinlangan nila sa iniatas sa kanila na gawain gayong hindi nila alam kung ano ang dapat nilang gawin o estratehiya sa pagtuturo sa mga batang may *special needs*.

Sa kabilang banda, mula sa sagot ng mga kalahok lumitaw na ang pagiging konsistent sa pagbibigay nang dekalidad na pagtuturo sa kabila ng mga balakid ay napakahalaga sapagkat magkakaroon ng magandang resulta ito sa mga mag-aaral at progreso sa isang batang may *special needs*. Bilang mananaliksik nakaramdam kami ng paghanga sa mga guro sapagkat mababanaag na isinasabuhay nila nang buong-puso ang kanilang sinumpaang propesyon. Ayon sa kanila:

> *Naging bukas at patuloy lang sa pagtuturo para sa ikabubuti ng ating mga estudyante.* ***-IDI, G1, L20, P1***

*Iniorient ang sarili na need din ng mga batang ito ang maintindihan ang pinag-aaralan.* ***-IDI, G4, L20, P4***

Naramdaman ng mga mananaliksik na ang mga kalahok ay konsistent sa pagtuturo upang makamit ang pagtuturo na may dekalidad.

Karagdagang pahayag nito:

*Naging mapag-pasensya ako at naging innovative ako sa pagtuturo.****- IDI, G5, L20, P5***

Masasabing bagaman limitado ang kanilang karanasan at kasanayan, napatunayan ng mga gurong aking nakapanayam na sa pamamagitan ng malasakit, tiyaga at pagkukusa ay magiging posible ang pagkaroon ng intrinsik na motibasyon sa mga non-SPED na mga guro.

Sa pangkalahatang sagot ng mga kalahok, mababanaag na ang mga guro ay nagsusumikap na gampanan ang kanilang tungkulin sa kabila ng mga kinakaharap na mga suliranin, base naman sa napakinggan kong mga sagot nila lumitaw na ang mga pananaw ng mga gurong hindi SPED medyor tungkol sa kanilang motibasyon sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may *special needs* ay hindi nagmumula sa panlabas na salik tulad ng pormal na pagsasanay o kahandaan, kung hindi sa panloob na paninindigan at tungkulin. Sa simula, nakaranas sila ng takot, pag-aalinlangan, at *self-doubt* dahil sa kakulangan ng karanasan. Ngunit sa halip na umatras, tinanggap nila ang hamon dahil sa kanilang sinumpaang tungkulin bilang guro. Ang kanilang motibasyon ay intrinsik—ipinakita nila ang konsistensi at matatag na pagtuturo sa kabila ng mga balakid, at tiningnan ang mga pagsubok bilang oportunidad para sa propesyonal na paglago. Para sa kanila, ang tunay na motibasyon ay hindi ang pagiging handa, kung hindi ang dedikasyon na gampanan ang tungkulin kahit mahirap, maihahalintulad ito sa isang kandilang patuloy na nakasindi kahit paulit-ulit na hinihipan ng pagsubok.

## Buod ng Natuklasan

### *Self-Initiated Adaptation at Kalayaan sa Pagtuturo*

Ang pagkamalaya ay nakatuon sa self-initiated adaptation at independent problem-solving. Sa kabila ng kakulangan ng mga guro sa pagsasanay, nagpapakita sila ng kalayaan sa pamamagitan ng sariling pagsasaliksik at pagbuo ng angkop na estratehiya sa pagtuturo.

### *Patuloy na Paglinang ng Kakayahan sa Inklusibong Pagtuturo*

Ang kakayahan ay nakaugat sa patuloy na pagsisikap na matuto, mag-innovate, at mag-angkop ng estratehiya para sa mga mag-aaral na may special needs.


### *Kolaboratibong Ugnayan sa Inklusibong Edukasyon*

Ang ugnayan ay nakatuon sa bukas, positibo, at kolaboratibong ugnayan sa guro, magulang, adviser, kapwa guro, at mga mag-aaral. Ipinapakita ng kanilang karanasan na epektibo ang pagtuturo sa SNED learners sa pamamagitan ng maayos na komunikasyon at patuloy na pagbabahaginan ng impormasyon at ideya.

### *Propesyonal na Responsibilidad at Motibasyon sa Inklusibong Edukasyon*

Ang motibasyon ay nagmumula sa propesyonal na responsibilidad, personal na determinasyon, at pagnanais na pagtanggap upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kabila ng mga hamon sa inklusibong edukasyon.

### Binagong Paradigma




***Talaguhitan 2: Binagong paradigma ng pag-aaral – Self-Determination Theory ni Deci at Ryan 2000***

## DISKUSYON

Sa bahaging ito, mababasa ang diskusyon, konklusyon, rekomendasyon, pagsunod sa pamantayang etikal at pasasalamat.

### *Self-Initiated Adaptation at Kalayaan sa Pagtuturo*

Lumabas sa pag-aaral na ito na ang pagkamalaya ay nakatuon sa self-initiated adaptation at independent problem-solving. Sa kabila ng kakulangan ng mga guro sa pagsasanay, nagpapakita sila ng kalayaan sa pamamagitan ng sariling pagsasaliksik at pagbuo ng angkop na estratehiya sa pagtuturo. Umaayon ang natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral na ito sa pag-aaral nina Darling-Hammond et al. (2023), na nagsasabing ang mga gurong may mataas na antas ng professional autonomy ay mas nagiging epektibo sa pag-angkop ng instruksyon batay sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, sa ulat ng Organisation for Economic Co-operation and Development o OECD (2023), iniulat na ang mga guro na may kalayaang magdisenyo ng estratehiya sa pagtuturo ay mas nakapagpapakita ng inobasyon at mas mataas na antas ng problem-solving sa classroom management. Gayunpaman, hindi sinusuportahan ng pag-aaral na ito ang natuklasan nina Hargreaves at Fullan (2024), saad nila na ang sobrang pagbibigay ng pagkamalaya sa mga gurong kulang sa sapat na *training* ay maaaring magdulot ng hindi pantay-pantay na kalidad ng pagtuturo, dahil hindi lahat ay may sapat na kasanayan upang epektibong magdesisyon sa complex learning needs ng mga mag-aaral.

### *Patuloy na Paglinang ng Kakayahan sa Inklusibong Pagtuturo*

Batay sa natuklasan ng pag-aaral na ito, lumitaw na ang kakayahan ay nakaugat sa patuloy na pagsisikap na matuto, mag-innovate, at mag-angkop ng estratehiya para sa mga mag-aaral na may *special needs*. Sumusuporta ang kasalukuyang pag-aaral sa ideya ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization o UNESCO (2023), na nagsasaad na ang mga guro sa inklusibong edukasyon ay kailangang patuloy na mag-upskill at mag-adapt ng kanilang *instructional strategies* upang masiguro ang makabuluhang pag-aaral para sa mga mag-aaral na may *special needs*. Bukod dito, binigyang-diin din ng OECD (2024) na ang *continuous professional learning* at *innovation* ay mahalagang salik sa pagpapalakas ng *teacher competence* sa diverse na klasrum, lalo na sa inclusive settings. Sa kabilang banda, sumasalungat ang resulta ng pag-aaral na ito sa pag-aaral nina Hargreaves at Fullan (2024), ayon sa kanila kahit mahalaga ang kakayahan at inobasyon, may limitasyon ito kung kulang ang *systemic support* at *structured training*. Para sa kanila, ang sobrang pag-asa sa individual teacher capability ay maaaring magdulot ng hindi pantay-pantay na kalidad ng implementasyon ng inclusive education, lalo na kung walang sapat na gabay at resources mula sa institusyon.

### *Kolaboratibong Ugnayan sa Inklusibong Edukasyon*

Lumitaw sa pag-aaral na ito na ang ugnayan ay nakatuon sa bukas, positibo, at kolaboratibong ugnayan sa guro, magulang, adviser, kapwa guro, at mga mag-aaral. Ipinapakita ng kanilang karanasan na epektibo ang pagtuturo sa SNED learners sa pamamagitan ng maayos na komunikasyon at patuloy na pagbabahaginan ng impormasyon at ideya. Katulad ito ng natuklasan sa pag-aaral ng UNESCO (2023), na ang aktibong *family-school partnership* ay mahalagang salik sa tagumpay ng mga mag-aaral na may *special needs* dahil napapalakas nito ang konsistensi ng supporta na natatanggap ng mag-aaral sa paaralan at tahanan. Dagdag pa rito, binigyang-diin din ng OECD (2024) na ang kolaboratibong *teaching environments* ay nakakatulong sa pagpapabuti ng *instructional quality* at *student outcomes*, lalo na sa diverse at inklusibong klasrum. Sa kabaligtaran, hindi tumutugma ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral sa naunang pag-aaral nina Johnson at Lee (2025), para sa kanila kahit mahalaga ang kolaborasyon, nagiging mahirap ito dahil sa mabigat na workload ng mga guro, kakulangan sa oras, at hindi pantay na partisipasyon ng mga magulang, na nagreresulta sa limitadong komunikasyon at hindi palaging epektibong koordinasyon sa pag-suporta sa mga mag-aaral na may special needs.

### *Propesyonal na Responsibilidad at Motibasyon sa Inklusibong Edukasyon*

Batay sa pagsusuri ng pag-aaral na ito na ang motibasyon ay nagmumula sa propesyonal na responsibilidad, personal na determinasyon, at pagnanais na pagtanggap upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kabila ng mga hamon sa inklusibong edukasyon. Tugma ang natuklasan ng pag-aaral na ito sa konklusyon nina Ryan at Deci (2023), ang saad sa kanilang pagsusuri ng self-determination theory ay ang intrinsic na motibasyon tulad ng *sense of responsibility* at *personal fulfillment* ay mahalaga sa pagpapatuloy ng mga guro sa mahihirap na *teaching contexts*. Karagdagan pa, ayon sa OECD (2024), ang mga gurong may mataas na *professional responsibility* at *commitment* ay mas nagiging handa sa pag-angkop ng kanilang mga estratehiya upang matugunan ang diverse learning needs ng mga mag-aaral. Gayunpaman, taliwas ito sa natuklasan ng pag-aaral ni Kelly (2025), batay sa kanya bagama't mahalaga ang personal motivation, maaari itong maapektuhan ng burnout, kakulangan sa suporta, at mabigat na workload sa inclusive education settings. Ipinapakita ng kanyang pag-aaral na kahit may mataas na determinasyon ang guro, maaaring bumaba ang antas ng motivation kapag hindi sapat ang *institutional support* at *resources*.

### *Konklusyon*

Ipinahihiwatig ng resulta sa pag-aaral, na nararapat na magsagawa ang mga pamunuan ng paaralan at ang institusyon ng edukasyon ng mga programang sumusuporta sa *self-initiated adaptation* upang mapaunlad ang propesyonal na responsibilidad ng mga guro. Dagdag pa rito, para mapalakas ang paglinang ng kakayahan ng mga guro, mahalaga ang pagbibigay ng tuloy-tuloy na *capacity-building initiatives* tulad ng *mentoring*, *coaching*, at *collaborative learning communities* upang higit

na mapalago ang kanilang kakayahang propesyonal. Dapat ding paigtingin ang mga mekanismo ng kolaboratibong ugnayan at komunikasyon sa pagitan ng guro at magulang upang mapanatili ang isang suportibo at kolaboratibong kapaligiran sa pagkatuto. Ang lahat ng ito ay magbubunga ng intrinsik na motibasyon sa mga guro na magpapanatili ng kanilang dedikasyon sa pagtuturo sa inklusibong edukasyon.

***Rekomendasyon***

Batay sa mga natuklasan at konklusyon sa pag-aaral na ito, iminumungkahing palawakin pa ang pag-aaral sa pamamagitan ng mas malaking bilang ng kalahok mula sa iba't ibang rehiyon upang mas maging representatibo ang resulta. Maaari itong pag-aralan sa kwantitatibong disenyong paraan tulad ng *predictive research gamit ang multiple linear regression analysis* upang matukoy at masuri hindi lamang ang kakulangan kung hindi pati ang mga posibleng bunga nito. Bukod dito, iminumungkahi rin ang pagsasagawa ng *exploratory factor analysis (EFA),* upang makabuo ng isang balido at maaasahang instrumento na nilalayon para sa mga baryabol tulad ng sariling pagkukusa, pagsisikap na matuto, inobasyon, pag-angkop ng mga estratehiya, pagbabahaginan, kolaborasyon at pagpapalakas ng motibasyon ng mga guro. Karagdagan pa rito, inirerekomenda rin ang integrasyon ng *mixed-methods* na lapit upang makalikom ng mas komprehensibong datos na magbibigay-linaw sa dinamika ng pagtuturo at pagkatuto para sa mga mag-aaral na may special needs.

***Pagsunod sa Pamantayang Etikal***

Sa bahaging ito, tiniyak ng mananaliksik na mananatiling pribado ang lahat tungkol sa panayam, kaya walang personal na impormasyon ang ibabahagi o ilalantad. Ipinapangako rin bilang mananaliksik na ang lahat ng sagot ng mga kalahok at personal na impormasyon, kabilang na ang kanilang mga pangalan ay mananatiling kumpidensyal alinsunod sa *Republic Act No. 10173 o Data Privacy Act of 2012*, isang batas sa Pilipinas na naglalayong maprotektahan ang karapatan ng mga tao sa kanilang mga pribadong datos. Ang pagrekord ng kanilang tugon ay isinagawa lamang matapos makuha ang kanilang pahintulot. Tiniyak rin na ang lahat ng taong nakibahagi ay ligtas, protektado at siniguradong nabigyan ng liham pahintulot. Ipanaintindi sa mga kalahok na sila ay may karapatang bawiin ang kanilang pakikilahok sa pag-aaral na ito anumang oras o panahon nila gustuhin, at ito ay boluntaryo lamang. Higit sa lahat siniguro ng mananaliksik ng pag-aaral na ito na nasunod ang lahat ng alituntunin at aprubado ng *Society of Moral Integrity and Legal Ethics* (SMILE) ng Holy Cross of Davao College (HCDC) ang pananaliksik na ito bago pa man mangalap ng mga datos upang masigurong wasto at angkop ang mga hakbang sa isinagawang pangangalap ng datos at ang mga tanong na gagamitin sa panayam ay tama at komprehensibo. Sa pananaliksik na ito, mahigpit na ipinatupad ang pag-iwas sa anumang uri ng plagiarismo, kawalan ng bias sa interpretasyon ng mga resulta at etikal na paggamit ng datos upang mapanatili ang integridad at etikal na pamantayan ng pag-aaral.

***Pasasalamat***

Sa kabuoan, ang mga mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa mga lupon ng tagasuri ng publikasyong ito sa paglaan ng panahon na masuri at mapahusay ang kalidad ng pananaliksik na ito. Sa tagapayo na si Gng. Estrella B. Salazar, mga guro sa Filipino, Dekano, balideytor, kasamahan sa trabaho, mga kalahok at kapwa mag-aaral ng Holy Cross of Davao College, maraming salamat sa paggabay upang mabuo at mapahusay ang pag-aaral na ito.

## REFERENCES

Bernard, H. (2002). Research Methods in Anthropology: Qualitative and quantitative methods. 3rd edition. AltaMira Press, Walnut Creek, California.

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Darling-Hammond, L., Hyler, M. E., & Gardner, M. (2023). Effective teacher professional development in autonomous teaching environments. Educational Research Review, 40(2), 115–130.

Doyle, L., McCabe, C., Keogh, B., Brady, A., & McCann, M. (2020). An overview of the qualitative descriptive design within nursing research. Journal of Research in Nursing, 25(5), 443–455. https://doi.org/10.1177/1744987119880234

Hargreaves, A., & Fullan, M. (2024). Professional capital and the limits of teacher autonomy in diverse classrooms. Journal of Educational Change, 25(1), 1–18.

Hargreaves, A., & Fullan, M. (2024). Professional capital and the limits of teacher autonomy in inclusive education. Journal of Educational Change, 25(1), 1–18.

Johnson, R., & Lee, M. (2025). Barriers to school-family collaboration in inclusive education contexts: A qualitative study. Journal of Inclusive Education Research, 12(1), 45–62.

Kelly, N. (2025). Teacher motivation and burnout in inclusive education settings: A qualitative analysis. International Journal of Inclusive Education, 29(2), 210–225.

Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). Naturalistic Inquiry. Sage Publications.

Meijer, C. J., & Watkins, A. (2019). Financing special needs and inclusive education–from Salamanca to the present. International Journal of Inclusive Education, 23(7-8), 705-721.

Muega, M. A. G. (2016). Inclusive education in the Philippines: Through the eyes of teachers, administrators, and parents of children with special needs. Social Science Diliman, 12(1), 5-28.

OECD. (2023). TALIS 2023 results: Teachers and school leaders as lifelong learners. OECD Publishing.

OECD. (2024). TALIS 2024 results: Teachers' professional learning and inclusive education practices. OECD Publishing.

OECD. (2024). TALIS 2024 results: Teachers and school leaders as collaborators in inclusive education. OECD Publishing.

OECD. (2024). TALIS 2024 results: Teacher motivation and professional responsibility in inclusive classrooms. OECD Publishing.

Polit, D.F. and Beck, C.T. (2014). Trustworthiness in Qualitative Research https://www.proquest.com https://www.scirp.org › reference ›

Reyes, J. I. (2021). The inclusion of students with disabilities in online higher education: A qualitative analysis of the influence of socialization, the learning environment, and

students' personal context on their academic success. European Conference on Educational Research (ECER2021). https://blogs.uoc.edu/elearning innovation-center/study-on-inclusion-of-students-with-disabilities-at-the-uoc presented-at-ecer-2021

Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2000). Self-determination theory and the facilitation of intrinsic motivation, social development, and well-being. American Psychologist, 55, 68-78. https://selfdeterminationtheory.org/the-theory/

Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2023). Intrinsic and extrinsic motivation in education: A contemporary review of self-determination theory. Contemporary Educational Psychology, 74, 102198.

Salkind, N. J. (2017). Exploring Research (9th ed.). Pearson.

Sandelowski, M. (2000). Whatever happened to qualitative description?. Research in nursing & health, 23(4), 334-340.

Schwab, S. (2020). Inclusive and special education in Europe. In Oxford Research Encyclopedia of Education. Oxford University Press. https://doi.org/10.1093/acrefore/9780190264093.013.1230

Stubbs, S. (2008). Inclusive education. Where there are few resources. Oslo, The Atlas Alliance Publ.

The SAGE Encyclopedia of Qualitative Research Methods. (2008). In In-Depth Interview. SAGE Publications, Inc. https://methods.sagepub.com/reference/sage-encyc-qualitative-research-methods

Trochim, W. M. K. (2006). Research Methods Knowledge Base.

UNESCO. (2023). Global education monitoring report: Inclusive education and teacher development. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization.

Yusuf, M., & Yeager, J. L. (2011). The implementation of inclusive education for students with special needs in Indonesia. Excellence in Higher Education, 2(1), 1-10.

**APA Citation:**

Alsado, C. M. V., & Salazar, E. B. (2026). TINIG SA KAWALAN: PERSEPSYON NG MGA GURO NA NAGTUTURO SA INKLUSIBONG EDUKASYON. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(5), 2565–2584. https://doi.org/10.5281/zenodo.20451398

*carlamae.alsado@hcdc.edu.ph*
*estrella.salazar@hcdc.edu.ph*